BEYOND KINGS AND KINGDOMS

# Paninindigan sa Pananampalataya Kahit pa Tila Kontra Dito ang Lahat ng mga Sitwasyon

WEEK 3

## WARM-UP

- Nakaranas ka na ba ng sitwasyon kung saan hindi ka sigurado kung nasunod mo ang tuntuning ibinigay sa iyo? Ano ang nangyari?
- Magkwento tungkol sa isang pagkakataong may humiling na magbahagi ka tungkol sa isang ng bagay na labis na personal para sa iyo. Paano ka tumugon dito?
- May pagkakataon bang naparusahan ka dahil may ginawa kang isang bagay na sa paningin mo ay tama? Ano ang nangyari?

## WORD

*16 Sumagot silang tatlo, "Mahal na Hari, wala po kaming masasabi tungkol diyan. 17 Kung talaga pong ganyan ang mangyayari, ililigtas kami ng Diyos na aming pinaglilingkuran mula sa naglalagablab na hurno. Ililigtas niya kami mula sa inyong mga kamay. 18 Pero kung hindi man niya kami iligtas, gusto naming malaman mo na hindi pa rin kami maglilingkod sa iyong mga Diyos o sasamba sa rebultong ginto na ipinatayo ninyo."*

**DANIEL 3:16–18**

(Basahin din ang **DANIEL 3:1–15, 19–30.**)

Nang magpatayo si Nebucadnezar sa Babilonia ng isang malaking rebultong ginto at iutos na lumuhod at sumamba rito ang lahat ng tao sa hudyat ng isang musika, hindi ito sinunod nina Shadrac, Meschac, at Abednego (mga kaibigan ni Daniel). Ang pagsamba sa diyos-diyosan ay paglabag sa ikalawang utos ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit hindi nila sinunod ang utos na ito—kahit pa ang kapalit nito ay ang kanilang kamatayan. Nakakapagtaka na hindi nila ipinaalam ang desisyon nilang hindi sumamba sa diyos-diyosan. Nalaman lamang ito ng hari dahil may mga Caldeo na nagsabi sa kanya tungkol dito. Mula sa mga kaibigan ni Daniel, matututunan natin ang tatlong aral tungkol sa paninindigan kahit pa tila kontra sa atin ang lahat ng sitwasyon. Maaari natin itong isapamuhay sa ating sariling buhay at sa ating mga komunidad.

## 1 Ang mga kaibigan ni Daniel ay may mga personal na paniniwala na nasubukan sa harap ng publiko.

*[12]Ngunit may ilang mga Judiong hindi sumusunod sa inyong utos. Sila po ay sina Shadrac, Meshac, at Abednego. Sila ang mga taong pinamamahala ninyo sa lalawigan ng Babilonia. Hindi nila iginagalang ang inyong mga Diyos, at hindi sila sumasamba sa gintong rebulto na ipinatayo ninyo." [13]Nang marinig iyon ng hari, nagalit siya nang husto. Kaya ipinatawag niya sina Shadrac, Meshac, at Abednego.* **DANIEL 3:12–13**

Ang utos ni Haring Nebucadnezar na sambahin ang rebultong ginto ay para sa lahat, kabilang na sina Shadrac, Meshac, at Abednego. Subalit hindi ito naging dahilan para talikuran nila ang kanilang pananampalataya sa Diyos at ang desisyon nilang sumamba sa Kanya lamang. Bagama't naging pribado lamang ang pagpapakita nila ng paninindigan sa kanilang paniniwala, nais ng mga Caldeo na makakuha ng pabor mula sa hari at magdulot ng pinsala sa kanilang tatlo. Sinabi lamang nila ang kanilang desisyon na parangalan at sundin ang Diyos noong sila ay tinanong na ng hari. Balikan ang isang pagkakataon na may humamon sa mga pinaniniwalaan mo. Paano ka tumugon?

## 2 Pinili ng mga kaibigan ni Daniel na sundin ang Diyos kaysa ang hari.

*[14]Nang dumating sila, tinanong sila ng hari, "Totoo bang hindi ninyo iginagalang ang aking mga Diyos at hindi kayo sumasamba sa rebultong ginto na ipinatayo ko? [15]Ngayon, inuutusan ko kayong sumamba sa rebulto kapag narinig ninyo ang tunog ng mga instrumento. Dahil kung hindi, ipapatapon ko kayo sa naglalagablab na hurno. Tingnan natin kung may Diyos na makakapagligtas sa inyo." [16]Sumagot silang tatlo, "Mahal na Hari, wala po kaming masasabi tungkol diyan.* **DANIEL 3:14–16**

Noong sinabihan sina Shadrac, Meshac, at Abednego na sundin ang hari kaysa ang Diyos, tinutulan nila ito. Bagama't nanatili ang pagpapakita nila ng paggalang sa pagsagot nila sa hari, pinanindigan nila ang kanilang paniniwala na ang Diyos lamang ang karapat-dapat na tumanggap ng pagsamba. Hindi nila ginantihan ang maling ginawa sa kanila o kaya ay hinamon sa gitna ng publiko ang mga Caldeo na may kagagawan ng

lahat ng gulong kinakaharap nila. Alam nila na hindi ang hari ang dapat nilang sundin o pagkatiwalaan, kahit pa ang ibig sabihin nito ay kanilang kamatayan sa loob ng naglalagablab na hurno. Kapag ang ibang tao ay hindi sumasang-ayon sa ating paniniwala, dapat nating panatilihin ang ating paniniwala sa pagsunod sa Diyos habang ipinapakita ang pag-uugali na kumakatawan at nagbibigay karangalan sa Kanya. Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Efeso 6:10–20 tungkol sa pagkakaroon ng kalakasan mula at para sa Diyos?

## 3 Makapangyarihan ang Diyos sa mga panahon ng pagsubok.

[17]*"Kung talaga pong ganyan ang mangyayari, ililigtas kami ng Diyos na aming pinaglilingkuran mula sa naglalagablab na hurno. Ililigtas niya kami mula sa inyong mga kamay.* [18]*Pero kung hindi man niya kami iligtas, gusto naming malaman mo na hindi pa rin kami maglilingkod sa iyong mga Diyos o sasamba sa rebultong ginto na ipinatayo ninyo."* **DANIEL 3:17–18**

Ipinakita ng sagot nina Shadrac, Meshac, at Abednego ang kanilang pagtitiwala sa Diyos. Magtitiwala sila sa Diyos na may kakayahang iligtas sila at magtitiwala pa rin sila sa Kanya kahit pa hindi Niya sila iligtas. Anuman ang mangyari, hindi sila luluhod at sasamba sa rebultong ginto. Nagpakita ang Diyos sa kanila. Hindi lamang Niya iniligtas ang tatlong kalalakihan mula sa naglalagablab na hurno, kundi sinamahan Niya sila sa gitna ng apoy. Nakita mismo ng hari ang pang-apat na tao na *parang diyos*. Nang inutusan na sila ng hari na lumabas ng hurno, nakita ng lahat na hindi sila nasaktan. Dahil dito, pinarangalan ng hari ang Diyos at nagbigay siya ng bagong kautusan na walang sinumang maaaring magsalita ng laban sa Diyos. Kahit pa tila ang lahat ng mga sitwasyon ay kontra sa atin, ang Diyos ay nananatili sa gitna ng mga ito at ipinapakilala Niya ang Kanyang sarili sa mga tao sa paligid natin. Balikan ang isang pagkakataon kung kailan pinalaya ka ng Diyos mula sa isang tila imposibleng sitwasyon. Paano nito binago ang paraan kung paano mo nakikita ang mga pagsubok na kinakaharap mo ngayon?

## APPLICATION

- Paano nakikita ng ating lipunan ang mga pribadong paninindigan at pampublikong mga *platform* o plataporma? Ano ang matututunan natin mula sa mga paniniwala at tugon ng mga kaibigan ni Daniel?
- Bakit mahalaga na panatilihin ang paggalang at pagbibigay karangalan kahit hindi tayo sumasang-ayon sa iba? Paano nito maaapektuhan ang layuning maakay sila tungo sa Diyos?
- Kasalukuyan ka bang dumaraan sa sitwasyon kung saan ang paniniwala mo ay sinusubukan at kailangan mo ng pagpapalaya ng Diyos? Tulad ng mga kaibigan ni Daniel, sino ang maaari mong makasamang manindigan sa iyong mga paniniwala at paano mo mapapanatili ang kagustuhan mong maparangalan ang Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil kasama mo Siya sa mga panahong sinusubukan ang iyong pananampalataya at tila kontra sa iyo ang lahat ng sitwasyon. Ipanalangin na mapalaya ka Niya mula rito at kung hindi man Niya ito gawin, na manatiling matatag ang iyong pananampalataya sa Kanya.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng karunungan at pagpipigil sa sarili kapag naninindigan ka para sa iyong sarili. Ipanalangin na makita ng mga tao ang presensya at pagkilos ng Diyos sa buhay mo.
- Ipanalangin na magawa mong manindigan kasama ang mga kaibigan na tutulungan kang mas magtiwala sa Diyos kahit sa gitna ng mahihirap na sitwasyon. Ipanalangin na sama-sama ninyong maranasan ang kalayaang dala ng Diyos.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2015 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Esther Suson

victory.org.ph